# Agunyas

JASON TABINAS

Sa isang saglit, gumapang ang apoy mula sa kandila sa altar patungo sa mga dingding. Mabilis na kumalat sa sahig at kisame ng kabahayan. Sa mga bintana at bubong, tumataas nang tumataas ang mga pula at dilaw na apoy na parang mga kalapating pumapailanlang sa ihip ng hangin. Napuno ng naglalagablab na apoy at usok ang kuwarto. Hindi na siya makahinga.

Biglang nagising si Loleng. Basang-basa ng pawis ang damit mula sa masamang panaginip. Saglit lang siyang napaidlip pero wala na ang kaniyang antok. Kapalit nito ay ang pagtahip ng kaniyang dibdib. Sa kaniyang tabi, umikot lang sa higaan ang kaniyang asawang tulog na tulog. Dahan-dahang tumayo si Loleng at sinubukang kalmahin ang sarili.

Mula sa maliit na bintana, tinanaw niya ang hanay ng kabahayan sa kanilang unahan. Balot ng dilim ang buong paligid kaya hindi niya maisa-isa ang bahay ng mga kumare. Napatitig lamang siya sa bagong apat na palapag na bahay na naipatayo nang maka-jackpot sa jueteng ang dati nang mayamang may-ari.

Sunod niyang sinuyod ng tingin ang dilim na bumabalot sa market, ang tawag sa pamilihan sa poblasyon. Nandito ang lahat ng tindahan ng bigas, asukal, asin, karne, lahat ng pangangailangan sa araw-araw. Nasunog ito dalawang taon na ang nakararaan kaya hindi niya mawari kung ang dilim ang kaniyang nakikita o ang itim na bakas ng sunog. Kalahating bahagi pa lang ang naaayos kahit matagal na ring naganap ang sunog.

Sinuwerte lamang siya at malayo-layo ang kaniyang tindahan sa market. Madadamay rin sana ito sa sunog dahil madaling kumalat ang apoy mula sa dalawang palapag ng market na gawa sa kahoy. Takaw-apoy nga dahil kahit hanggang tuhod ang baha noong linggong iyon, nagawa pa ring lamunin ng apoy ang halos buong gusali. Magmamadaling-araw nang magsimula ang sunog sa panaderya. Dumating rin naman kaagad ang mga bombero

kaso hindi gumagana ang bagong makina. Balde na lang ang ginamit kaya natagalan at nagawa pa ng iba na mag-unahan sa pagnakaw ng mga paninda.

Ganito rin kadilim nang maganap ang sunog. Nagising siya sa ingay ng mga tao at sa silab ng gusali sa harap ng kanilang bahay. Itinuring niyang bangungot ang lahat dahil inakala niyang ang bahay nila ang nasusunog. May tumatama lang palang imahen ng apoy sa salamin ng kanilang mga bintana.

Dahan-dahan siyang lumabas sa pintuan ng tindahan. Ayaw niyang magising ang kaniyang asawa na hinintay niya munang makatulog nang malalim bago bumangon. Hindi dapat malaman ng kaniyang asawa ang gagawin niya ngayong gabi ng ika-trese ng Biyernes. Alam niyang pagtatawanan lamang siya nito at siyang magiging bukambibig sa susunod na araw at linggo pag nagkataon.

Wala nang nangyayari sa kanilang tindahan na nasa harap mismo ng market. Wala ring magawa ang asawa kundi sambitin ang "Ganyan talaga ang buhay ngayooon!" kapag pinapansin niya ang nangyayari sa kanilang tindahan. Simula noong huling taon, paunti-unting nawala ang mga tagabaryong pumapakyaw sa kaniyang mga paninda. Ang mga natira namang suki sa poblasyon ay kaunti na rin ang binibili. Taghirap rin ang mga estudiyante na dating bumibili ng kendi araw-araw pagkagaling sa paaralan.

Lumabas siyang nakatalukbong ng itim na tela para makapagkubli sa dilim habang naglalakad sa daan. Pundido ang karamihan sa mga ilaw sa kalsada subalit pagdating sa munisipyo o pamahalaang bayan, nakasindi ang ilang ilaw sa harap ng tarangkahan. Mabuti na lang at tulog ang dalawang nakatanod na pulis. Sa kanilang likod, yakap-yakap ng dilim ang buong munisipyo.

Malapit na ang kaniyang sadya pagkalampas lamang ng munisipyo at ilang kabahayan. Tumigil siya sa bakal na tarangkahan. Pinakiramdaman niya ang dilim na yumayakap sa mga nitso sa loob ng sementeryo. Walang kaingay-ingay at mapusyaw ang ilaw ng malayong buwan. Nilingon niya ang kahabaan ng kalsadang kaniyang dinaanan. Nang walang makitang iba, binuksan niya ang flashlight at dumiretso papasok ng sementeryo.

Pagkatapos daanan ang ilang daang nitso, narating niya ang pinakagitna ng sementeryo. Isa marahil iyon sa pinakamatandang nitso dahil hindi na makita ang nakasulat sa lumuting rabaw ng lapida. Nagkataong hindi sa Intsik ang libingan. Kung hindi, marahil kinailangan niyang lagariin ang bakal na bintana o martilyuhin ang kandado. Ito ang ginagawa ng ilang naghahanap

ng gintong pustiso o nakabaong kayamanan sa mga musoleo ayon sa bali-balita.

Inisa-isa niya sa isip ang mga dapat gawin ayon sa mga usap-usapan sa kaniyang tindahan pati na rin sa mga karinderya at tambayan sa poblasyon. Matinding pakikinig ang kaniyang ginawa para malaman kung ano ang dapat gawin para walang paltos ang numero sa lotto o jueteng.

Pagkaupo sa ibabaw ng nitso, nagsindi siya ng kandila. Suwerte dahil hindi mahangin, sa isip niya. Ipinikit niya ang kaniyang mga mata at sinimulan ang dasal sa harap ng kandila: "Ama namin sumasalangit ka … mapasaamin ang kaharian mo dito sa lupa … ang aming kakanin sa araw-araw…. Aba ginoong Maria, napupuno ka ng grasya … Luwalhati sa Ama…."

Pagkatapos ng unang dasal, may namataan siyang gumalaw sa hindi kalayuan. Hindi niya binuksan ang kaniyang mga mata at ipinagpatuloy ang pag-ulit sa dasal. Hindi dapat maputol ang labintatlong ulit na pagsambit sa mga dasal bago buksan ang mga mata. Pagkatapos lang nito lalabas ang numero na hindi niya puwedeng isulat.

Namataan niya pa ring may gumagalaw subalit hindi siya nagpatinag. Hanggang wala na siyang marinig kundi ang kaniyang inuusal. Pagkatapos ng huling dasal, dahan-dahan niyang inilapit ang kaniyang labi sa harap ng kandila. Dama niya ang init nito. Dahan-dahan, hinipan niya ang ilaw. Saka niya lamang binuksan ang kaniyang mga mata para hulihin ang mga numero mula sa aso. Para itong mga kalapating tumataas sa kaputian mula sa dulo ng mitsa.

"Uno, sais, nuwebe …" marahan niyang bigkas sa mga numero na sinundan pa ng tatlong numero.

"Uno, sais, nuwebe …" inulit niya nang inulit.

Bumaba siya sa ibabaw ng nitso habang tuloy-tuloy ang pagsambit sa mga numero. Napansin na naman niya na may dahan-dahang gumagalaw. Anyo ito ng likod ng isang taong nakaupo sa ibabaw ng nitsong suson-suson.

"Uno, sais …" patuloy niya lang. Hindi na siya nagpatinag sa kaniyang paligid.

BAGAMAN KUMAKAGAT ANG lamig ng hangin sa balat at marahan lang ang tuloy-tuloy na pagsagwan, pinagpapawisan si Galis. Hindi malinaw sa kaniyang paningin ang dinadaanan ng bangka dahil sa lumalambong na anino ng mga

kahoy sa pampang. Sa gitna ng ilog, aninag lamang ng malamlam na buwan ang makikita.

Sa gitna ng pakikinig sa bawat tunog maliban sa pagtilamsik ng tubig sa sagwan, nabigla siya nang may bumangga sa harap ng bangka. Akala niya, ulo iyon ng kung ano. Niyog lamang pala. Naisip niya ang isang kantang taal na may kinalaman dito. Sa kanta, kinakausap ng anak ang kaniyang mga magulang na kung maging masama siyang anak, marapat lamang na putulin ang kaniyang ulo at itapon sa laot. Subalit dahil anak pa rin siya nila, nakikiusap ang anak na sagipin ang ulo kung makitang lumulutang-lutang sa tubig.

Bihira siyang dumaan sa ilog sa gilid ng poblasyon dahil iba ang lagi niyang pinangingisdaan. Sumagi sa kaniyang isipan ang mga kuwento ng paglabas ng buwaya sa ilog. Minsan lamang daw itong magpakita subalit may nilalamong tao sa bawat pagkakataon. Isang siglo na ang nakararaan, may pari raw na tumalon mula sa kampanaryo na nasa pampang lamang ng ilog. Nawala ang pari subalit kapalit nito ay ang paglabas ng isang malaking buwaya sa ilog. At sa unang pagkakataon ng pagpapakita, lumamon ito ng tatlong bata. Marami pang sumunod at noong isang dekada lamang ang pinakahuling paglamon.

Narating niya ang maliit na daungan sa tapat ng kampanaryo. Hinila niya ang bangka sa pampang at itinali ang lubid sa isang punongkahoy. Bakas pa rin ang dating libingan sa tabi ng kampanaryo. Naaaninag niya sa lupa ang nagkalat na mga tipak ng anghel at santa kasabay ng mga tumpok ng batong krus. Noong mapuno ang maliit na bakuran ng simbahan, saka lamang inilipat ang sementeryo sa ibang lugar. Hindi sasapat sa kaniyang kinakailangang bungo kung mayroon man siyang mahanap sa lumang sementeryo.

Sinuyod ng kaniyang mata ang kampanaryo. Doon nanggagaling ang kalembang na naririnig ilang beses sa bawat araw sa kanilang malayong baryo. Subalit mas malakas at mas maganda raw ang tunog ng dating kampana. Pinagnasaan ito ng isang parokya nang hiramin at hindi na isinauli. Sa kakaibang halina ng kalembang ng kampana, dumami ang nagsimba sa humiram na parokya kasabay ng paglaki ng kinokolektang limos. Noong ipinasasauli na, humingi ng isang buwang palugit ang humiram na kura. Nang dumating ang nakatakdang pagbawi, hindi na nakita ang kampana. Tuluyan nang nilamon ng lupa ang kampana nang ipabaon iyon ng kura kaysa ibalik sa hiniramang parokya.

Bitbit ang sako, plastik ng mga kandila, sagwan, at flashlight, dahan-dahang binagtas ni Galis ang gilid ng simbahan patungo sa pangunahing kalsada. Sa kalsada ring iyon dumaan ang libing ng kaniyang pinsan noong apat na taong gulang pa lamang si Galis. Habang nasa loob ng simbahan, paulit-ulit ang kalembang ng kampana. Inisip niya noon na ginigising ang kaniyang pinsan dahil matagal na iyong natutulog. Nang mayamot siya noon dahil hindi magising ang pinsan, ibinulong niya sa ina na baka mainam gamitin ang kampanang mas malakas at maganda ang tunog. Pinatahimik lamang siya ng ina habang nagsasalita ang pari sa altar. Papuntang sementeryo, sinundan pa sila ng agunyas. Subalit hindi na nagising ang kaniyang pinsan. Ang tunog na iyon ng kampana ang tumatak sa kaniyang kamalayan. Nang pitong taong gulang na lamang niya naitanong muli ang pagkamatay ng pinsan at nalamang gutom ang ikinamatay nito.

Paisa-isa ang kahol ng aso sa daan bago niya narating ang sementeryo. Sa kalagitnaan ng paghahanap ng mga lumang nitso, may naaninagan siyang ilaw na biglang kumurap. Hindi nagtagal, may narinig siyang kumakaluskos at umuusal.

"… no … is … webe … no … is …" usal ng paparating.

Dumaan ang isang babaeng nakatalukbong ng itim at may hawak na flashlight. Nakatuon ang tingin ng babae sa madamong daan kaya't hindi nakita si Galis na nakatayo sa gilid ng suson-susong nitso. Sinundan niya ng tingin ang nakatalukbong bago ipinagpatuloy ang sariling sadya. Nagtungo siya sa likod ng saradong kapilya at hinanap ang sinasabing tambakan ng mga bungo. Ilang bakanteng nitso ang kaniyang dinaanan bago nahanap ang pansamantalang imbakan ng mga bungo sa isang nitsong natatakIupan ng plywood.

Napabalita na marami ang inaaning karpa at tilapya sa palaisdaan sa katabing bayan. Binubudburan daw ng pinulbos na bungo ang mga palaisdaan kaya matataba at mabibigat ang inaaning isda. Sa kanilang bayan, mabuti na ang makahuli ng tatlong kilo sa isang hulihan. Kaya ninais niya ring gumawa ng palaisdaan dahil marami silang mangingisdang naghahati sa kakaunting biyaya ng ilog. Subalit wala siyang mahihingian ng tulong sa Bureau of Fisheries na may tanggapan sa poblasyon.

Pagkatapos mailatag ang labintatlong bungo sa ibabaw ng magkakasunod na nitso, tinirikan niya ng kandila ang bawat isa. Inusal niya ang tatlong pangunahing dasal sa bawat bungo at hiningian ng pahintulot sa paggamit sa

kanilang pulbos at ng pagpapala sa isang masagang ani. Nang matapos ang mga dasal, sinimulan niyang pulbusin ang mga bungo.

Pinagpawisan siya at nag-alalang baka may magising na tao dahil sa nakabibinging alingawngaw ng pagpulbos sa bungo. Nangalay ang kaniyang mga kamay kaya saglit siyang umupo subalit napansin niyang may gumagalaw sa hindi kalayuan. Anyo iyon ng likod ng isang taong nakaupo sa ibabaw ng suson-susong nitso. Mas binilisan niya pa ang pagpulbos sa mga bungo at pagsilid ng pulbos sa sako.

TAGTAG NA TAGTAG na ang katawan ni Putpot sa simula pa lang ng pagbibisikleta sa kahabaan ng lubak-lubak na daan. Umiindayog ang kaniyang dalang pala at sako na nakatali sa harap ng bisikleta. Parang luluwag ang tali bago siya makarating sa poblasyon. Pati ang dalang flashlight ay laging mabibitiwan.

Natumba na siya minsan sa daan habang nagbibisikleta at dumugo ang kaniyang tuhod sa talim ng bato. Noon niya nalaman na mas matalim pa pala ang bato sa daan kompara sa mga patay na kuhol na nakakubli sa putik. Hindi bihira ang pagkahiwa ng paa ng mga magsasaka sa kuhol tuwing nagtatanggal ng damo sa pinitak.

Dalawang dekada na ang nakararaan nang patagin at palawakin ang daan mula sa kanilang baryo papuntang poblasyon. Mula sa poblasyon, binabagtas ng pinalawak na daan ang mga palayan, at nagtatapos sa paanan ng bundok na pananggalang ng bayan sa unos sa dagat sa kabila nito. Subalit hanggang ngayon, lubak-lubak ang daan at sa mababatong bahagi, mas tumatalim ang bato sa pagkaalis ng malambot na lupa.

Aabutin nang limang kilometro ang layo ng kanilang baryo sa poblasyon. Sa kaliwa't kanan, tanging kalawakan ng palayang balot sa dilim ang kaniyang naaaninag. Mangilan-ngilan lang ang nakikita niyang ilaw ng gasera mula sa mga bahay sa gitna ng palayan. Sa itaas, halos walang buwan.

Noong huling buwan lamang, nagkuwento ang kapitbahay na nakataga raw siya ng malaking aso sa gilid ng kaniyang irigasyon. Kalagitnaan ng gabi nang magising ang kapitbahay sa kahol ng mga aso. Dala-dala ang kaniyang itak, tumuloy ang kapitbahay sa payag ng irigasyon. Dahan-dahan siyang lumapit sa likod ng payag dahil may naulinigan siyang pagkaripas. Mga limang aso ang nagtakbuhan sa iba't ibang direksiyon. Sa gitna ng payag, naiwan ang isang asong magtatatlong talampakan ang taas. Sa paanan niya'y nakabulagta ang isang karaniwang aso na tinatagasan ng dugo ang leeg.

Nabigla man ang kapitbahay sa nakita, mabilis niyang tinaga ang aso. Tumama ang itak sa batok. Hangin na ang tinamaan ng sunod na taga dahil mabilis na nakabigwas ang aso. Tumilapon ang kapitbahay sa gilid ng payag dahil sa biglang paglukso ng aso at hindi niya na ito nahabol. Nagtawanan sina Putpot sa bahaging ito dahil kung hindi sana ninerbiyos ang kapitbahay, nahuli sana ang malaking aso at ilang gabi silang may pulutan sa umpukan. Isang linggo makaraan ang kuwentuhan, nabalitaan nilang may patay sa kabilang bukirin. Isang linggo na raw na nakaburol. Napatay sa taga.

Unti-unting sumangsang ang malamig na hangin. Napamura siya nang muntik pa siyang matumba nang masagasaan niya ang isang sako. Sako-sako pa rin ng kuhol ang ipinasasagasa ng mga magsasaka sa bahaging iyon ng kalsada. Iyon lang ang pinakamabisang pagpatay sa kuhol dahil kahit nakasako na nang ilang linggo, hindi pa rin ito mamamatay kaya kailangang mapisa. Hindi sumasapat ang mahal na pamatay-kuhol na kalahati lang ang napapatay.

Pagdating sa sementadong daan sa poblasyon, nagsimula ang kahulan ng mga aso. Tuloy-tuloy lang siya. Dinaanan niya ang paaralang pinapasukan ng kaniyang mga anak. Naisip niya ang ipapabaong pananghalian at meryenda pagbalik ng pasukan. Nakakayanan pa naman subalit noong nakalipas na taon, hindi na sumasapat ang kita sa pagsasaka. Tumaas ang presyo ng pang-spray sa damo, insekto, at kuhol.

Kasunod ng paaaralan ang maliit na tanggapan ng Kagawaran ng Agrikultura. Yakap-yakap ito ng dilim kaya pati bintana o pinto, hindi niya makita nang malinaw. Hindi na rin siya umasa na makasisilip sa loob dahil kahit naman umaga, bihirang-bihira itong magbukas. Sa mga umpukan sa kanilang baryo, lagi nang tudlaan ng biro ang kagawaran. "Kagawaran ng Aswang" ang tawag dito dahil ipinagpapalagay na tulog sa umaga ang lahat ng kawani rito kaya walang pumapasok sa tanggapan. Kapag hapon naman o gabi, abala rin sa paghahanda ng mabibiktima ang mga aswang kaya wala pa ring panahon para sa trabaho.

Dumaan siya sa harap ng simbahan na krus lang ang malinaw na nakikita dahil sa dilim at lambong ng mga puno sa paligid nito. Pagkalampas dito, may nakasalubong siyang mabilis na naglalakad, may sunong na sako, at may bitbit na pala sa isang kamay. Nagdahan-dahan sa paglakad ang lalaki pero tuloy lang sa pagbibisikleta si Putpot. Nilampasan niya lang ito.

Narating niya ang market na linggo-linggong pinupuntahan nilang mag-asawa para sa kanilang mga paninda sa baryo. Pandagdag sana sa kita subalit tabla lamang ang kinahihinatnan. Marami ang umuutang na mga kapitbahay na laging nabibinbin ang pagbabayad. Huli niyang dinaanan ang munisipyo bago narating ang kaniyang sadya. Pinakiramdaman niya ang paligid na sinasaklot ng dilim habang isinasandal sa bakod malapit sa tarangkahan ang kaniyang bisikleta.

Dala ang pala at sako, tumuloy siya sa madamong daan patungo sa pusod ng sementeryo. Tumuloy siya sa pinakadulo ng libingan na inaakala niyang mapagkukunan ng lupang inaahunan pa lang ng kalansay. Pagkatapos siyasatin ang ilang kalot na inihahanda pa lang para sa sunod na ililibing, may nakita rin siyang kalot na inaahunan pa lang ng kalansay. May lapidang nakatihaya sa gilid nito.

Ang matabang lupa na galing sa bangkay ang kailangan niya para sa malakas na ani. Nagtataka siya kung bakit mas marami ang naaani sa katabing palayan na pag-aari ng meyor. Malalaki ang tiniuhoy o tangkay at dahon ng mga palay rito kompara sa mga palay ni Putpot. Nakapagbudbod na siya ng anim na sako ng abono sa dalawang ektarya ng lupa subalit hindi niya pa rin mapantayan ang ani ng meyor. Kailangan lang sigurong subukan ang ibang paraan.

Pagkalapag ng flashlight sa gilid, bumaba siya nang dahan-dahan sa kalot at pinala ang matabang lupa. Tumigil siya sa ikaanim na pagpala nang may gumalaw sa di kalayuan. Hindi siya makatingin sa gawing iyon. Ang gilid lamang ng katabing nitso ang kaniyang nakita. Binilisan niya ang kaniyang pagpala at nang mangalahati na ang loob ng sako, itinaas niya ito sa gilid ng kalot. Tiningnan niya kaagad ang paligid pagkaahon mula sa kalot. Sa kaniyang harap, sa di kalayuan, may anyo ng isang taong nakatalikod at nakaupo sa suson-susong nitso. Pinasan niya ang sako ng lupa at tinungo ang tarangkahan ng sementeryo.

YAPOS NG DILIM ang kabayanan—ang mga palayan, bukid, ilog, mga parang, kabahayan, paaralan, munisipyo, sentrong kalakal, simbahan, at libingan. Walang ibang makikita kundi ang aninag ng mga estruktura sa ilaw ng malayong buwan.

Sa sementeryo, nakatanaw sa bumabalong na kadiliman si Ngula. Sa likod lamang nakatirik ang kaniyang dampa at siya ang tumatanod sa sementeryo at naghuhukay at nagtatabon ng lupa sa hukay kapag may ililibing. Nakaupo

siya sa suson-susong nitso na karaniwang libingan ng mga mahirap at bata. Sinusuyod ng kaniyang mata ang mahinang buwan, ang malalayong ilaw sa kabahayan, dumaraang mga sasakyan, pinakikiramdaman ang kagat ng unti-unting lumalamig na hangin, ang mga galaw sa paligid lalong-lalo na kung mayroong dumadalaw sa mga puntod sa ikatrese ng Biyernes.

Bata pa'y marami na siyang ligalig na hinarap. Nang sampung taong gulang siya, sabay na namatay ang kaniyang mga magulang. Bumabagyo noon sa kanilang baryo. Mag-uumaga nang dumating ang tubig mula sa mga karatig na bayan at umapaw ang ilog. Parang baldeng tagasalo ng sobra ng iba ang kanilang bayan dahil mababa ang lupa. Dahil mas mataas ang lupang kinatitirikan ng kanilang bahay, nagpasiya ang kaniyang ama na sa umaga na lamang lumikas.

Lumabas siya sa kulambo dahil hindi makatulog sa lakas ng hangin at ulan at daloy ng tubig sa silong ng bahay. Dilim lang at kaunting aninag ang kaniyang nakita subalit tuloy lang ang kaniyang pagmamasid hanggang siya'y makatulog. Paggising niya'y sumuot muli siya sa kulambo para ituloy ang pagtulog. Subalit hindi na tuminag ang kaniyang mga magulang. Nagdatingan ang kapitbahay sa kaniyang pagbulahaw. Ayon sa tiyuhin niya, tinuklaw ng ahas ang kaniyang mga magulang habang tulog. May nakapasok na ahas sa kulambo at marahil nanuklaw dahil hindi makalabas.

Mabigat ang kaniyang kalagayan para sa mga kamag-anakan. Lagi siyang inaaway ng mga kalaro, pinagtatawanan, at ginagaya-gaya ang pagsalita kahit hindi naman siya makapagsalita. Ginawa siyang sakristan ng pari, naging janitor sa munisipyo at sa mga karatig na kalyehon nang hindi na siya kupkupin ng humaliling pari. Nang tumanda, lumapit siya sa pari para magtrabaho bilang sepulturero. Iyon na lamang ang puwedeng maging pangmatagalang trabaho niya. Paminsan-minsan na lang siyang kinukuha ng mga magsasaka para lumipol ng kuhol o makipag-ani, mangalap ng kawayan kapag may gagawing bahay, at gumagawa ng dampa.

Matiim na pakikinig lang ang alam niya dahil apektado rin ang kaniyang pandinig bukod sa pagsasalita. Babad sa iba't ibang trabaho at lublob sa mga usapan ng iba, tahimik at mag-isa niyang pinakahuhulugan ang mga bagay. Makikita siya tuwing hapon na naglalakad sa gilid ng mga palayang karatig ng poblasyon. Pinagmamasdan niya ang mga bukirin, ang nag-aararo, ang mga kalabaw at ibon, ang gumagawa ng pilapil, nagbubudbod ng punla sa mga pinitak, nag-aani ng palay at mga gulay, at ang mga batang nagpapalipad ng saranggola.

Dinadaanan niya ang dike na dating ginagamit na irigasyon sa gilid ng mga palayan. Tinuklap na ng mga ugat ng puno ang karamihan sa semento at napuno ng bato at putik kaya hindi mapag-imbakan ng tubig tuwing tag-ulan. Gaya ng sa karatig na mga bayan, putol-putol na ang dike na ginawa noong binata pa lamang siya nang magsimulang pagtuunan ng isang Pangulo ang pagsasaka.

Tinatanaw niya ang kabundukan sa kabila ng malawak sa palayan. Ito ang humihiwalay sa kanilang bayan sa mga karatig. Matarik ang daan at hindi mapagawan ng kalsada kahit ilang meyor na ang nanungkulan. Dahil sa kalagayang ito, dalawang beses lang puwedeng makababa ang mga tagabundok para makipagkalakal at bumili ng kinakailangan sa mga tagapoblasyon. Tuwing Miyerkoles at Sabado lang ang bentahan sa market at sa mga araw lang na ito tumataas-bumababa sa bundok ang mga dyip dahil siguradong puno ang dyip at malakas ang kita kahit malaspag ang sasakyan.

Kabisado niya ang mukha ng mga tagabundok. Pumupunta siya sa market para bumili ng kanilang mga murang gulay at lamang-lupa. Dinadaan niya sa kumpas ang pagbili ng natong, kamote, kamoteng-kahoy, gabi, atbp. Nakakasama niya rin ang mga tagabundok sa gilid ng kalsada tuwing may prusisyon sa semana santa. Bumababa ang mga tagabundok para magsimba. Pero ang karamihan, sa gilid na lang ng kalsada naghihintay, hawak-hawak ang kanilang mga kandila habang tinititigan ang bawat santo at santa na ipinuprusisyon.

Tumatambay siya sa market at sa mga tindahan at karinderya. Dahil hindi makapangusap, dinadaan niya sa senyas ang mga nagtatanong kung sinong patay ang ililibing sa loob ng linggo o buwan. Tahimik niyang pinapansin ang pagbabago sa market. Nakatanaw siya sa market nang masunog ito dalawang taon na ang nakararaan. Napapansin niya ang pagsasara ng ilang tindahan at pagpapalit ng iba rito. Kamakailan lang ay nagkaroon ng lotto outlet sa kanilang bayan. Kasabay ng panghina ng jueteng sa kanilang bayan ang paghaba ng pila sa lotto. Marami pa rin ang umaasa sa suwerte ng numero na kanilang inaalagaan sa mga panaginip at ritwal na isinasagawa.

Bumabalik siya sa sementeryo pagkagat ng dilim. Pinakikinggan niya ang mga marahang pagbabago sa kapaligiran. Nitong mga huling taon lamang, napansin niyang maaga ang paghimpil ng katahimikan sa harap ng sementeryo. Paunti nang paunti ang dumadaang mga sasakyan pagpatak ng alas-siyete. Dati'y naaabutan ng alas-diyes ang mga biyahe ng mga sasakyan. Sa huli niyang pagdaan sa harap ng market, nakita niyang wala na ang terminal ng

van at kaunti na lang ang nakaparadang dyip. Kasabay ng maagang pagdating ng katahimikan sa gabi ang unti-unting pagkaputol ng koneksiyon ng bayan sa mga karatig na bayan at siyudad.

Tumatanda na nga ang bayan. Sa kaniyang pagsasakristan at pagtuloy sa simbahan, siya ang naglilinis ng mga kuwarto at mga mumunting bagay sa simbahan. Sa isang maliit na silid, kasamang nakaimbak ang libro ng bautismo at ang mga lumang tala ng simbahan. Ipinagmalaki ng kumupkop sa kaniyang pari ang katandaan ng simbahan. Apat na raang taon na ang simbahan ayon sa pari at pinaalalahanan siyang mag-ingat sa mga lumang dokumento kapag naglilinis. Hindi niya naman maunawaan ang halaga noon dahil bata pa siya. Subalit nang tumanda, saka lamang niya naisip na marahil nga'y hukluban na ang bayan nilang pagkatanda-tanda.

Sa ibabaw ng nitso, pinakikiramdaman niya lang ang dilim at ang bigat ng mga taon sa kaniyang buong katawan. Binabalong siya ng katahimikan sa dilim subalit may bigat ang mga salitang hindi makalabas sa kaniyang bibig. Sa pag-unawa sa mga bagay-bagay na kaniyang nakikita, naririnig, nararamdaman, magkahalong kapayapaan at pagkatulig ang yumayakap sa kaniya.

HINDI PUNO ANG trak dahil umabot lang sa singkuwentang sako ng palay ang naani ni Putpot sa kaniyang dalawang ektarya. Kalahati lang ang ibebenta niya sa kumprador para may matirang kakainin para sa apat na buwang paghihintay sa sunod na ani. Karaniwan nang sandaan at limampu hanggang dalawandaan ang ani sa kaniyang lupa. Subalit hindi tinantanan ng init ang kaniyang pananim at kahit noong tag-ani na'y paunti-unti pa rin ang ulan. Walang nagawa ang kaniyang abono at pang-spray sa mga peste at damo. Hirap rin ang irigasyon sa pagsipsip sa malayong ilog na mababa na rin ang nibel ng tubig.

Mabilis na binagtas ng trak ang maalikabok na kahabaan ng daan papuntang poblasyon. Sa kaliwa't kanan, ang dilaw na dilaw na kalawakan ng mga palayang inaanihan pa lang. Pagdating sa poblasyon, sinalubong sila ng agunyas habang dumadaan sa mga huklubang silid-aralan, saradong tanggapan ng D.A., simbahan, at ang maliit na daungan sa gilid nito.

Pagkalampas ng simbahan, nagdahan-dahan ang trak dahil sa dami ng traysikel. Sa mga kahoy sa gilid ng kalsada, nakapaskil ang mga karatula ng programa ng sangguniang kabataan—Inter-barangay basketball tournament. Sumali na naman kaya ang kanilang barangay na hindi naman nananalo?

Minsan nagrarambol at umuuwing may pasa ang ilang manlalaro nila. Naglaro na rin siya minsan sa kaniyang kabataan. Pinaglalaruan lang sila ng tatlong pinakamamagaling na barangay sa poblasyon. Nananalo lang sila laban sa mga karatig na liblib na barangay.

Nakapaskil rin ang mga anunsiyo ni Fr. Martin Murawayon para sa binyag at kumpil sa summer. Kasabay nito ang mga banderitas na nakasabit pa sa lubid kahit dalawang buwan na ang lumipas buhat nang magpista sa bayan. Sa pinakamalaking karatula, nakaanunsiyo ang pagkapanalo ni Meyor Baldemor Bastante sa award na "Hebigatin" dahil isa siya sa pinakamagaling na magsasaka sa buong bansa. Naniniwala na si Putpot na marami ngang naaaning palay ang meyor. Pero kung tabla lang ang nakukuha nilang patubig sa palayan, malamang lumamang lang ang meyor sa spray at abono.

Noong dumaang linggo, katorse pa ang kilo ng palay subalit dose na lang ngayon dahil sa sabay-sabay na pagdagsa ng palay sa kabila ng maliit na ani. Hindi niya maibebenta ito sa ibang kumprada dahil pare-pareho naman ang presyo ng palay sa bayan. Pagkakuha sa buong pera, tumuloy siya sa market para bumili ng karne para sa kanilang pananghalian at hapunan. Minsan lang sila makahawak ng perang malaki-laki kaya pinagbibigyan ang pamilya kapag bagong ani.

Patungong market, napansin niya ang mahabang pila sa lotto outlet na bagong puwesto sa harap. May kumuha na ng dating nasunog na puwesto. Binago na ang mga bintanang basag-basag at wala na ang mga agiw ng apoy sa dingding. Kaunti lang ang nakuha ni Putpot mula sa ani at alam niyang aabot lang ng dalawang buwan ang kanilang pera. Subalit nagbakasali na rin sa suwerte.

Puting pintura at ang makulay na logo ng PCSO ang pumalit sa dating nangitim na gusali. Isang gabi, nakatulugan daw ng may-ari ng bahay-tindahan ang isang kandila habang nagdadasal. Sabi naman ng ilan, nakita raw itong pumunta sa sementeryo bago ang sunog at may inuusal na kung ano pagbalik. Pagkatapos ng ilang oras, nakita nang nasusunog ang bahay-tindahan ng babae. Nakasama sa sunog ang asawa. Habang nagliliyab raw ang buong bahay, ang mga dingding at bubong, tumaas nang tumaas ang apoy na parang pula't dilaw na kalapating pumapailanlang sa ihip ng hangin.

Tumataas na rin ang sikat ng araw. Sa harap, matingkad na matingkad ang logo ng PCSO. Parang mga dilang apoy ang bughaw, dilaw, at pula na nakapaloob sa bilog. Pinagpapawisan nang matindi sa pila si Putpot. Hindi siya makapag-isip ng numerong tatayaan. Pinakiramdaman niya ang mga

nasa pila at ang mga nakaistambay sa harap ng tindahan at waiting shed. Namataan niyang may nagmamasid sa kaniya. Isa itong pipi na nakatindig sa gilid ng waiting shed. Patango-tango ito't pakumpas-kumpas ng kaniyang kamay sa harap ng nagtatanong. Hindi niya tiyak kung tumatango-tango rin ito sa mga taong nakapila sa lotto dahil mariin itong nakatingin sa mga nakapila. Sa pagtugtog ng kampana sa agunyas, dali-daling nilisan ng pipi ang nagtatanong na lalaki.

Umabot siya sa pinakaharap ng pila. Ipinatong niya sa pasamano ang tiket at ginuhitan ang 1, 6, at 9. Hindi niya maalala kung saan nanggaling ang napili niyang tatlong numero. Pamilyar ang tunog nito sa kaniyang tainga. Saglit siyang nag-isip ng huling tatlong numero. May mga senyas raw ang mga pangyayari sa buhay at dito maaring kunin ang numero. Ang iba'y galing sa patay, sa itlog ng gagamba, sa panaginip, o sa kung saan mang bagay na ginamitan ng ritwal. Subalit wala siya ng mga 'yon kaya inalala niya na lang ang mga nangyari sa kaniya sa mga huling oras.

Pagpasok niya sa poblasyon, sinalubong siya ng agunyas na hudyat na may patay, pantay ang dalawang paa. Dalawampu't limang sako ng palay ang kaniyang ibinenta sa kumprada. At may isang pipi ang mariing nagmamasid sa kanilang mga nakapila ilang sandali lang ang nakararaan, sarado ang bibig, saradong numero. Ginuhitan niya ang 11, 25, at 30.

Tamang-tamang may isa pang kulang na pasahero sa traysikel patungo sa kanilang baryo kaya't kaagad siyang nakasakay. Pagdaan sa harap ng simbahan, nakasalubong niya ang libing. Pawang nakatsinelas ang nakikipaglibing. Sa unahan, hawak-hawak ng apat na tao ang maliit na kabaong na gawa sa plywood. Ayon sa ilang nakasakay sa traysikel, namatay raw sa gutom ang bata. Wala na raw kasing kinakain ang iba sa bahaging ilog ng bayan. Mababaw na ang tubig dahil sa labis na init at hindi na makahuli ng isda. Nakautang naman raw ang ama ng maipapakain kaya lang huli na at hindi na nagawang kumain ng bata.

Pagkalampas sa mga nakililibing, umarangkada ang traysikel palabas ng poblasyon. Kumiling pakaliwa't pakanan ang traysikel sa lubak-lubak na daan, habang nakasisilaw ang kadilawan ng bagong aning palayan sa init ng araw, at bumabalong ang alikabok sa paligid kasabay ng tuloy-tuloy na pag-agunyas ng kampana.